

Mga Alternatibo sa Labas ng mga Pandaigdigang Tugon sa Pagpigil sa Pagbabago ng Klima

Tereso S. Tullao, Jr., PhD

Angelo King Institute

Paaralan ng Ekonomiks

Pamantasan ng De La Salle


2011



De La Salle University

Mga Alternatibo sa Labas ng mga Pandaigdigang Tugon sa Pagpigil sa Pagbabago ng Klima

- **Balangkas**
 - **Introduksyon**
 - **Pagpigil sa Pagbabago ng Klima Bilang Pandaigdigang Pampublikong Produkto**
 - **Mga Alternatibo sa Pandaigdigang Kooperasyon**
 - **Mga Problema sa mga Tugong Internasyonal**
 - **Paghahanap ng mga Alternatibo sa Labas ng mga Pandaigdigang Opsyon**
 - **Kongklusyon**



Introduksyon

- Pangangailangan ng pangkalahatang pandaigdigang aksyon upang mapigilan ang pagbago ng klima
- Ang pagpigil sa pagbago ng klima ay isang pampublikong produkto
- Mga problema sa mga pandaigdigang tugon
- Mga alternatibong tugon
 - Opsyon sa antas ng mamimili
 - Opsyon sa antas ng prodyuser
 - Opsyon sa antas ng pamahalaan



Pagpigil sa Pagbabago ng Klima Bilang Pandaigdigang Pampublikong Produkto

- Pagbago ng Klima
- → “Masamang pandaigdigang pampublikong bagay”
 - “Pandaigdigang negatibong eksternalidad”
- Mga Problema sa Pampublikong Produkto
 - Kakulangan ng paglalaan
 - Pakikiangkas



Pagpigil sa Pagbabago ng Klima Bilang Pandaigdigang Pampublikong Produkto

- Problema sa Pangkalahatang Pangdaigdigang Tugon
 - Pinagsama-samang pagkonsumo ng enerhiya sa loob ng maraming dekada at dantaon
 - Mga epekto ng pagpigil ay malalasap lamang sa napakalayong hinaharap
 - Di-makatwiran ang pagpondo ng mga proyekto sa pagpigil ng pagbago ng klima
 - Isinakripisyong halaga ng pagpigil ay napakataas
 - Pagtaas ng produksyon ng carbon gas o *green house gases (GHG)* ay dulot ng industrialisasyon
 - Pag-atubili sa kooperasyon




Pagpigil sa Pagbabago ng Klima Bilang Pandaigdigang Pampublikong Produkto

- Ang opsyon ng pakikibagay o pakikiakma sa halip ng pagpigil sa pagbago ng klima ay mas makatwiran dahil sa:
 - Hindi tiyak at napakatagal ng balik at pakinabang sa pagpigil ng pagbago ng klima
 - Mga patakaran sa pagpigil ng pagbago ng klima ay banta sa mga papaunlad na bansa
 - Mataas na pagbuga ng CO₂ sa bawat tao ay galing sa mga mauunlad na bansa
 - Subalit ang mabilis na paglago ng pagbuga ng karbon gas ay mula sa mga papaunlad na bansa




Mga Alternatibo sa Pandaigdigang Kooperasyon

- Kailangang matugunan ang mga di-pantay na pandaigdigang benepisyo at gastos, pati na rin ang problema ng pakikiangkas
 - → Kakulangan ng yaman sa mga papaunlad na bansa upang magsagawa ng mga teknolohiyang nagbabawas ng pagbuga ng karbon gas
 - → Kakulangan ng mga insentibo sa mauunlad na bansa dahil ay pangkalahatang benepisyo nalalapas ng lahat sa harap ng pakikiangkas



Mga Alternatibo sa Pandaigdigang Kooperasyon

- Pangangailangan ng isang Episyenteng Alokasyon ng Gastos ng Pagpigil ng Pagbabago ng Klima
 - Pandaigdigang kooperasyon at pagtutulungan upang mabawasan ang pagbuga ng GHG
 - Hindi dapat naka-batay sa pambansang interes ang mga desisyon ng mga bansa
 - Nangangailangang paghati-hatiin ang gastos sa pagpigil ng pagbago ng klima
 - Ang potensyal ng mga kaakbay na benepisyo sa pagpigil ng pagbago ng klima ay maaaring makabawi sa gastos sa pagbabawas ng pagbubuga ng carbon gas




Mga Alternatibo sa Pandaigdigang Kooperasyon

- Pangangailangan ng isang Episyenteng Alokasyon ng Gastos ng Pagpigil ng Pagbabago ng Klima
 - Kaakbay na Benepisyo : mga epektong hindi tuwirang kaugnay sa pagbabawas ng GHG at nag-uudyok sa mga bansa upang gumastos sa pagbabawas ng GHG
 - Pagbaba ng aksidenteng trapiko,
 - Mas mabuting kalusugan
 - Pagbaba ng desempleo
 - Pagbaba ng pagwala ng matatabang lupa




Mga Alternatibo sa Pandaigdigang Kooperasyon

- Pangangailangan ng isang Episyenteng Alokasyon ng Gastos ng Pagpigil ng Pagbabago ng Klima
 - OECD
 - Paglikom ng pampubliko at pribadong pondo sa pamamagitan ng pagpepresyo ng carbon:
 - Pagtatakda ng hangganan ng pagbubuga at kalakalan
 - Buwis sa carbon
 - Bilihan ng carbon
 - Paggamit ng kredito sa pagluluwas
 - Kailangang magtulungan ang pribado at publikong sektor sa pamumuhunan upang mapunan ang pagsisikap ng bawat isa!




Mga Alternatibo sa Pandaigdigang Kooperasyon

- Alokasyon ng Pondo para sa Pagbabawas ng Pagbubuga
 - Kyoto Protocol: pagtakda ng hangganan ng pagbuga
 - Ang pagbabawas ng pagbuga ay nangangailangan ng paggamit ng magastos na maka-kalikasang teknolohiya at proseso sa produksyon
 - Ang permiso sa pagbuga at kalakalan ay may potensyal na pasiglahin ang paglagong ekonomiko
 - Kailangan isakatuparan ang makatarungan alokasyon ng mga permiso




Mga Alternatibo sa Pandaigdigang Kooperasyon

- Mga Tulong sa mga Papaunlad na Bansa
 - Kailangan ng mga papaunlad na bansa ng karagdagang yaman para makagamit ng maka-kalikasang teknolohiya
 - Mas mababang gastos para sa mga prosesong nagtitipid sa enerhiya
 - Mas mababang presyo para sa mga maka-kalikasang produkto
 - *United Nations Environment Programme (2008):*
 - Tuwirang Tulong Pananalapi
 - Pagtatangi sa Pamumuwis
 - Paghahadlang sa Kalakalan
 - Paglalaan ng Serbisyong Pampamahalaan sa Enerhiya
 - Regulasyon sa Sektor ng Enerhiya




Mga Alternatibo sa Pandaigdigang Kooperasyon

- Mga Tulong sa mga Papaunlad na Bansa
 - Maaaring mas mataas ang gastos ng subsidi sa kabuuang benepisyo sa lipunan at kalikasan
 - Maaaring tumaas ang paggamit ng enerhiya ng prodyuser at konsumer dahil sa mas mababang presyo sa pagkonsumo ng enerhiya
 - *Reforming Energy Subsidies* (2008): kinakailangan nakatuon sa target, episyente, praktikal, malinaw, may hangganan, at kinakailangang magresulta ng positibong netong epektong kagalingan sa lipunan at sa kapaligiran.
 - *Oil Change International* (2010): Ang pagtanggap sa subsidi sa *fossil fuel* ay makakabawas ng pagbuga sa kinabukasan




Mga Alternatibo sa Pandaigdigang Kooperasyon

- Pagsasalin ng mga Pandaigdigang Pangako sa Pambansang Programa sa pamamagitan ng mga Institusyong Ekonomiko
 - Kailangan ng pandaigdigang pangako na magsisilbing magnet upang mahikayat at maipatupad ang pangkalahatang aksyon
 - Kailangang magtayo ng mga institusyong domestiko na magsasagawa ng mga pambansang programa sa pagpapatupad ng mga pandaigdigang layunin
 - Pizer (2006): Kailangang magsagawa ang mga institusyong internasyonal ng mga pulong upang itanghal ang mga alternatibo sa pagpigil ng pagbago ng klima
 - Pamamaraang may konsultasyon mula sa ibaba patungong itawas



Mga Alternatibo sa Pandaigdigang Kooperasyon

- Pagsasalin ng mga Pandaigdigang Pangako sa Pambansang Programa sa pamamagitan ng mga Institusyong Ekonomiko
 - Corfee-Morlot:
 - Imulat ang mga mamamayanan sa kahalagahan ng pagpigil ng pagbago ng klima
 - Gumawa ng mga pamantayan ng pagsusukat ng pagbabawas ng pagbuga
 - Magtaguyod ng mga institusyon para sa kalakalan ng pagbuga at ang bilihan ng carbon
 - Iba't-ibang antas ng pamamahala sa pagbago ng klima




Mga Problema sa mga Tugong Internasyonal

- Ang mga pandaigdigang pagkukusa ay nakabatay sa interes ng bansa, na nauudyok ng interes ng mga sektor
- **Grasso:** Walang kooperasyon sa paggawa ng desisyon ang mga bansa sapagkat inuuna nila ang kanilang sariling pagsusuri ng gastos at benepisyo
- Magkaiba ang pagpapahalaga ng gastos at benepisyo sa mga maunlad at papaunlad na bansa
- Sa mga maunlad na bansa, naiimpluwensiyahan ng mga sektoral at pampulitikang grupo ang desisyon ng mga gobyerno upang itanghal ang kanilang interes
- Maraming konsumer sa mga paunlad na bansa ang maralita
- Ang kapangyarihang pulitikal sa mga papaunlad na bansa ay kontrolado ng iilang mayayamang pamilya



Paghahanap ng mga Alternatibo sa Labas ng mga Pandaigdigang Opsyon

- Pagsasa-isa ng interes ng daigdig at ng mga bansa
- Kailangang mapapaniwala ang mga mamimili na ang pagbabago sa kanilang pamumuhay ay maaaring makapagbawas ng pagbuga ng carbon upang magkaroon ng benepisyo sa kasalukuyan at sa kinabukasan
 - Posibleng magkaroon ng problema sa kiling ng tao sa oras ng kanilang pagkonsumo
- Kailangang makumbinse ang mga prodyuser na gumamit ng mga proseso at proyektong maka-kalikasan at nagtitipid sa enerhiya
 - Maaaring hindi abot-kaya sa mga maliliit na kompanya ang teknolohiyang maka-kalikasan




Paghahanap ng mga Alternatibo sa Labas ng mga Pandaigdigang Opsyon

- Kailangang gamitin ng gobyerno ang mga buwis at subsidi upang mabago ang pamumuhay ng mga tao
 - Problema sa pangongolekta ng buwis at ang isinakripisyong halaga ng mga buwis
 - Ang subsidi sa pagpigil ng pagbago ng klima ay mayroong malaking isinakripisyong halaga



Kongklusyon

- Nangangailangan ng pangkalahatang pandaigdigang pagkilos!
- Problema:
 - Pampublikong Produkto: → pakikiangkas at kakulangan sa paglalaan
 - Iba-ibang interes ng mga sektor ng ekonomiya
 - Pagpapahalaga sa pagitan ng panahon ng mga prodyuser at konsumer; Porsyento ng diskwento
 - Pagkakaroon ng yaman at pondo, pati ang mga isinakripisyong halaga
 - Malakas na paghikayat sa paghalaw laban sa pagpigil ng pagbago ng klima



Mga Alternatibo sa Labas ng mga Pandaigdigang Tugon sa Pagpigil sa Pagbabago ng Klima

Wakas.

